

PAGTUGON SA MATAAS NA TULAY NG KANLURANG SEATTLE (WEST SEATTLE HIGH-RISE BRIDGE) AT COVID-19

Pagkalampas ng mga buwan ng taglamig, malaki ang pinagbago sa pagparoo't pagparito ng mga biyahero sa Kanlurang Seattle at sa Duwamish Valley ngayong 2020. Sa susunod na mga taon, makakaranas ng mas matinding trapiko ang mga taong bibiyahe papunta at pabalik sa rehiyong iyon. Tiniyak naming nasa kasalukuyang ruta para sa niyebe at yelo (snow and ice routes) ang mga alternatibong daan sa West Seattle Bridge. Heto ang mga paraan kung paano kayo makakatulong mapanatili ang paggalaw ng mga tao at kalakal sa mahirap na panahong ito:

1. Planuhin at asahan ang mas maraming trapiko sa mga alternatibong ruta.
2. Bigyan ng karagdagang panahon ang inyong sarili para makarating sa inyong destinasyon.
3. Sumubok ng isang bagong uri ng transportasyon gaya ng paglalakad, pagbibisikleta, o pagsakay sa bus. Kung posible, iwasang magmaneho nang mag-isa.
4. Maging mapagpasensya at mabait sa mga kapwa ninyo biyahero at bigyan ng konsiderasyon ang mga naninirahan sa mga kalyeng daraanan ninyo.

Tiniyak din namin na ang lahat ng COVID-19 testing site ay nasa Plano sa Panahon ng Taglamig. At, habang mas maraming lugar ang naidadagdag at kung sakaling magbago ang mga lokasyon, madali kaming makakasunod at kaya naming umayon sa pagbabago!

MANATILING LIGTAS – HUWAG MAGMANEHO MALIBAN KUNG KINAKAILANGAN

Nakikipagtulungan kami sa Kagawaran ng Pamublikong Sakayan sa Kalakhang King County (King County Metro) upang panatiliing walang niyebe at yelo, hangga't posible, ang mga ruta ng bus at nakatuon kami sa paggamit ng lahat ng kasangkapang pwede naming gamitin upang tiyakin na kayang makarating sa anumang parte ng lungsod ang sinuman gamit ang bus.

Kung talagang kailangan nyong magmaneho, dagdagan ang pag-iingat, magdahan-dahan, at sundin ang lahat ng mga karatulang nagsasabing Sarado Ang Kalye (Street Closed). Kapag sarado ang kalye, ibig sabihin nito ay hindi ligtas magmaneho dito. Kung wala kang makitang anumang panganib, maaring may black ice o isang lugar na mapanganib na hindi mo nakikita.

Huwag magmadali at bantayan ang isa't isa. Huwag subuking lampasan ang mga panudsod ng niyebe at mas magbigay-ingat sa mga taong naglalakad o nagbibisikleta.

Tandaan, responsibilidad ninyong lagyan ang inyong mga kotse ng mga kadena o traction device para sa panahon ng taglamig.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Kagawaran ng Transportasyon ng Seattle (Seattle Department of Transportation)
www.seattle.gov/transportation/winter-weather

Pangkalahatang Impormasyon

<https://takewinterbystorm.org/king-county/>

PANAHON NG TAGLAMIG SA 2020-2021



Seattle
Department of
Transportation

TAGALOG

ANG AMING PLANO PARA SA MGA BAGYO SA TAGLAMIG

Sa Seattle, maaaring magdala ng malalakas na ulan, hangin, yelo, at niyebe ang taglamig. Sinusubaybayan ng Kagawaran ng Transportasyon ng Seattle (Seattle Department of Transportation, SDOT) ang mga kondisyon upang matiyak na mananatili kayong ligtas kapag may paparating na bagyo sa taglamig.

- Nakatutok ang aming kawani sa mga ulat ng panahon, 24 na oras kada araw, sa buong taon, nang may direktang ugnayan sa Pambansang Serbisyo ng Panahon (National Weather Service) at live na Doppler radar feeds.
- Gumagamit kami ng forecasting tool na binuo katulong ang Pamantasan ng Washington (University of Washington) na tinatawag na SNOWWATCH upang malaman kung paano pinakaposibleng maaapektuhan ng bagyo ang iba't ibang kapitbahayan. Tumutulong ang impormasyong ito upang matukoy kung saan unang kakailanganin ang aming mga tauhan.
- Ang mga sensor sa ibabaw ng lupa at ang mga computerized sensor na nakalagay sa mga tulay ng lungsod ay nagbibigay ng napapanahon at tumpak na mga temperatura ng hangin at ng ibabaw ng mga kalsada.
- Gumagamit kami ng mga kamerang real-time at live streaming upang makita ang aktuwal na mga kondisyon sa mga pangunahing kalye. Makikita mo ang mga camera view sa aming website, www.seattle.gov/travelers.

LAYUNIN NAMING PANATILIHIN ANG LIGTAS NA PAGGALAW SA SEATTLE

- Sa panahon ng matinding bagyo, nagtatrabaho nang 24/7 ang aming mga tauhan upang linisin ang pinakakritikal na mga kalye ng lungsod para sa mga bus at mga serbisyong pang-emerhensiya.
- Bago magsimulang bumagsak ang niyebe, nilalagyan na ng mga tauhan namin ang mga pangunahing kalye at tulay ng anti-icer para mapigilan ang pamumuo ng yelo.
- Kapag nagsimula nang bumagsak ang niyebe, patuloy na susudsurin ng mga kawani ang mga ruta nila at maglalagay ng asin sa kalsada kung saan kinakailangan habang bumabagsak ang niyebe.
- Mayroong higit-kumulang sa 1200 milyang linya ng mga pangunahing kalye sa Seattle. Maari kaming abutin ng 12 oras pagkahupa ng bagyo para malinis ang mga daanang ito.
- Sinusubaybayan ng Sistema ng Pandaigdigang Pagkakaposisyon (Global Positioning System, GPS) ang mga lokasyon ng mga pagsudsod at trak. May mapa sa aming website na nagpapakita kung kailan huling nalinis ang isang kalye: www.seattle.gov/StormResponseMap

BUONG TAON NAMING PINAGHAHANDAAN ANG NIYEBE

Sa tag-araw, sinasanay namin ang aming kawani, kinokondisyon ang kagamitan, at nakikipagtulungan kami sa mga lokal na ahensiya. Nangangahulugan ito na handang magtrabaho ang mga tauhan namin kapag may ulat sa panahon na malalakas na hangin, malalakas na bagyo, o niyebe at yelo. Trabaho nilang panatiliing walang sagabal sa kalsada, mula sa bumagsak na mga puno at sanga hanggang sa niyebe at yelo, at ayusin ang mga karatula at senyales. Tinitiyak din naming may nakaimbak na mga suplay ng asin at likidong anti-icer.

PAGBIBISIKLETA SA NIYEBE

- Nagsisikap kaming tumulong sa mga indibidwal na nagpaparoo't parito gamit ang bisikleta kapag umuulan ng niyebe. Mayroon kaming nakatalagang pangkat para sa pag-aasikaso at paglilinis ng mga protektadong daanan ng bisikleta.
- Nangangailangan ng panahon ang paglinis sa mga ruta ng bisikleta. Para mas epektibo, susudsurin muna ang mga kalsadang katabi ng daanan ng bisikleta bago linisan ang mga daanan ng bisikleta para hindi na malagyan ng niyebe ang mga ito.
- Kung napagpasiyahan nyong magbisikleta sa niyebe, mangyaring magbihis nang angkop sa panahon at gumamit ng damit na reflective, ilaw, at helmet.
- Puwedeng magbago ang mga kondisyon sa kalsada anumang oras, kaya bagalan ang pagpapatakbo, mag-ingat, at tandaan na maaaring mangailangan ng mas maraming oras ang mga motorista para huminto at baka naglalakbay sila sa mga di-pamilyar na mga kondisyon sa kalsada.

GAWIN ANG INYONG BAHAGI SA PAGPAPANATILING MALINIS ANG BANGKETA

- Magkakasama tayong lahat dito at responsibilidad ng bawat isa na tumulong panatiliing malinis ang mga bangketa sa labas ng inyong mga tahanan o negosyo kapag bumabagyo ng niyebe.
- Mayroong higit sa 2,400 milya ng bangketa sa Seattle, at hindi kaya ng mga tauhan ng SDOT na puntahan nang sabay-sabay ang lahat ng lugar. Umaasa kami sa inyo na gagawin niyo ang inyong bahagi upang makatuon kami sa paglilinis ng mga bangketang malayo sa mga pribadong gusali at sa pagpapanatiling malinis ng mga pinakakritikal na mga kalye.
- Hindi lang idinidikta ng batas ang paglilinis ng mga bangketa sa harap ng inyong tahanan o negosyo, ito rin ang tamang gawin upang makapagbiyahe nang ligtas ang lahat habang bumabagyo ng niyebe, lalo na ang mga bulag, may kapansanan, o sa mga nahihirapang magparoo't parito.
- Makipag-usap sa inyong mga kapitbahay bago ang bagyo upang malaman kung sino ang mangangailangan ng tulong sa inyong komunidad. Magtulungan upang makapagbigay ng suporta sa isa't isa, at bumuo ng plano para matiyak na ang lahat ng bangketa sa inyong bloke ay mananatiling malinis nang ligtas na makapagporoo't parito ang lahat.

Paano maghahanda:

- Mag-imbak bago dumating ang bagyo. Kakailanganin mo ng pala, isang supot ng asin na ginagamit sa kalye, maiinit na kasuotan, mga ekstrang kumot, mga flashlight, mga first aid kit, at tatlong araw na suplay ng pagkain, tubig, at gamot para sa buong pamilya.
- Bago manigas ang niyebe, mabudbod ng rock salt (o iba pang produkto na ligtas para sa kapaligiran) upang mapigilan ang pamumuo ng yelo.
- Kapag nagsimula nang umulan ng niyebe, palahin ang inyong bangketa kada 12 oras bago maging yelo ang niyebe. Kung kaya ninyo, maging mabuting kapwa at tumulong sa paglilinis ng anumang kanal ng tubig-ulan at kantong rampa ng bangketa sa inyong bloke, o tumulong sa sinumang kapitbahay ninyo na nangangailangan.

MGA QUICK TIP PARA SA PANAHON NG WINTER

MAGSUOT NG TAMANG PANANAMIT KAPAG WINTER



TULUNGAN ANG MGA KAPIT-BAHAY:

- Linisin ang mga sidewalk
- Kumuha ng mga grocery at supply




INAALIS NG SDOT ANG MGA YELO AT SNOW MULA SA MGA PANGUNAHING KALYE



TANGGALAN ANG MGA SIDEWALK NG MGA DAHON, SNOW, AT YELO



ALAMIN ANG SCHEDULE NG RUTA NG BUS KAPAG MAY SNOW GUMAMIT NG BUS



PAKINGGAN ANG MGA BALITA TUNGKOL SA KALAGAYAN NG PANAHON



SUMUNOD SA MGA KARATULA NA NAKASULAT NA "STREET CLOSED" (ISARADO ANG KALYE)



KOTSE:


- Magmaneho sa daan na may snow kung kinakailangan lamang
- Linisin ang mga bintana
- Tiyakin na maayos ang mga gulong; ihanda ang mga traction device
- Bagalan ang pagmamaneho
- Mag-iwan ng sapat na espasyo sa pagitan ng mga kotse



SIMBOLO SA MAPA

- GINTO**
Naalis na ang niyebe at yelo sa lahat ng daan
- LUNTIAN**
Naalis na ang niyebe at yelo sa isang daan sa bawat direksyon

Layunin naming linisin ang mga kalsada sa loob ng 12 oras pagkahupa ng bagyo.



PAANO NAMIN PINIPILI ANG MGA RUTA PARA SA NIYEBE

Sa panahon ng matinding bagyo ng niyebe, binibigyang prioridad namin ang pagtatanggal ng niyebe sa 1,200 milyang linya ng mga pinakakritikal na ruta ng Seattle patungo sa mga ospital, paaralan, serbisyong pang-emerhensiya, kanlungan at pangunanahing pinagtatrabahuhan.

Hindi namin kayang puntahan nang sabay-sabay ang lahat ng lugar, at maraming kalye ang masyadong makipot upang ligtas na matanggalan ng niyebe. Malaking hamon ang mga burol at hindi parating sapat ang lugar para makadaan ang mga pangtanggap ng niyebe nang hindi makakasira ng mga kotse o hindi matatabunan ng mga bunton ng niyebe ang mga ito.

Ang Kagawaran ng Transportasyon ng Estado ng Washington (Washington State Department of Transportation) ang siyang responsable sa pagsusod ng niyebe sa highway at freeway ng estado. Nakikipagtulungan kami nang maigi para matiyak na mayroong mahusay na plano upang ligtas kayong makagalaw.

